DL #2
Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF BULACAN**
Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
*website: https://bulacandeped.com email. bulacan@deped.gov.ph*

Hunyo 20, 2019

Sa: Mga Hepe ng CID at SGOD - 2
Mga Tagamasid Pansangay - 10
Mga Tagamasid Pampurok - 33
Pamunuan ng PESPA Bulacan - 5
Pamunuan ng PSSPA Bulacan -7
Tagapangulo ng EDDIS ng mga Pampublikong Paaralang Sekundarya - 4

Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan sa pamamagitan ng Tanggapan ng Punong Lalawigan ay magdaraos ng Sabayang Panunumpa sa Tungkulin ng mga Bagong Halal na Opisyal sa Lalawigan ng Bulacan. Ito ay gaganapin sa ika-28 ng Hunyo, 2019, Biyernes, ganap na ika-7:30 ng umaga, sa *Bulacan Capitol Gymnasium*, Lungsod ng Malolos, Bulacan.

Kaugnay nito, kayo ay inaatasang dumalo suot ang kasuotang *smart casual* upang saksihan ang makasaysayang araw na ito. Mangyaring sagutan ang *confirmation slip* at ipasa sa *SGOD office* hanggang sa Lunes, Hunyo 24, 2019.

Para sa kabatiran at pagtalima ng lahat ng kinauukulan.

Lubos na sumasainyo,

**ZENIA G. MOSTOLES, Ed. D., CESO V**
Tagapamahala ng mga Paaralan

Liham Pansangay Bilang 100, s. 2019

1:24

*ISO 9001:2015 CERTIFIED*
*Registration Number: DE-50500546 QM15*

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN
Lungsod ng Malolos

**TANGGAPAN NG PUNONG LALAWIGAN**

DepEd-SDO of Bulacan Office of the SDS
RECEIVED
JUN 19 2019
By:
Time: 11:20

Hunyo 13, 2019

DepEd-SDO of BULACAN
RECEIVED
JUN 19 2019
9:33

**DR. ZENIA G. MOSTOLES, CESO V**
*Schools Division Superintendent*
*Department of Education*
Lungsod ng Malolos, Bulacan

Mahal na **Dr. Mostoles:**

Pagbati mula sa Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan!

Ang halalan marahil ang pinakamahalagang pagpapalang iginawad ng pag-iral ng demokrasya sa mga bayang ito ang saligan. Ito rin ang pinakamatibay na pagkilala sa kataas-taasang kapangyarihang taglay ng taong bayan na palagiang umiiral at nagsusulong sa pangkalahatang kabutihan ng nakararami. Lubos na naniniwala ang inyong lingkod na sa kabila ng mga pananandaliang pagkakahating dulot ng iba't – ibang pang politikal na idiyolohiya, lahat tayo ay nagkakaisa upang maihatid sa ating mga nasasakupan ang dalisay na paglilingkod.

Tungo rito, kayo ay inaanyayahang dumalo, **kasama ang inyong limampung (50) *principals***, upang saksihan ang **Sabayang Panunumpa sa Tungkulin ng mga Bagong Halal na Opisyal sa Lalawigan ng Bulacan** sa **ika- 28 ng Hunyo, 2019, Biyernes, ganap na 7:30 ng umaga**, sa ***Bulacan Capitol Gymnasium***, Lungsod ng Malolos, Bulacan. Ito ay sisimulan ng isang Misang Pasasalamat sa ganap na ika- 8:00 ng umaga.

Inaasahan namin ang inyong pagpapaunlak sa aming paanyaya.

Maraming salamat.

Lubos na sumasainyo,

**WILHELMINO M. SY-ALVARADO**
Punong Lalawigan

GOV. WILHELMINO M. SY-ALVARADO
VICE GOV. DANIEL R. FERNANDO
*2nd Floor, Capitol Bldg., Guinhawa, City of Malolos, Bulacan 3000*
*Telephone No. +63-44 7918148/49/50 Fax No. +63-44 7910853*
*Email Address: gops.pgbbulacan@gmail.com*
*"Lalawigan ko'y ikaw, Lingkod mo ako"*

**CONFIRMATION SLIP**

Pangalan: ______________________________ Bayan: ______________________________

Cellphone No. ______________________________

Pakilagyan ng tsek:

Oo ☐

Hindi ☐

______________________________
Lagda